Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-19 NG SETYEMBRE, 2001, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | .............. | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | .............. | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | .............. | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | .............. | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | .............. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | .............. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | .............. | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | .............. | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | .............. | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | .............. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | .............. | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 209-T'2001

*KAPASIYAHANG KINIKILALA ANG PAMUNUAN NG MUNICIPAL AGRICULTURAL FISHERY COUNCIL (MAFC) SA BAYANG ITO.*

*SAPAGKAT,* sa pagpupulong ng Kgg. Kag. Sangguniang Bayan ay binigyang-pansin at pagpapahalaga ang mga inihalal na pamunuan ng MAFC na kinabibilangan ng mga sumusunod:

| | |
|---|---|
| Chairman | - G. Emmanuel R. Villanueva |
| Vice - Chairman / Private | - G. Miguel Tenorio |
| Vice – Chairman / Government | - G. Victorino Relucano |
| Chairman / Crops Sector | - G. Jodith C. Cambel |
| Chairman / Fishery Sector | - G. Froilan M. Garcia |
| Chairman / Livelihood Sector | - G. Ceasar H. Collo |
| Chairman / Women Sector | - Gng. Aloma B. Abrantes |
| 1st Auditor | - G. George A. Bernardino |
| 2nd Auditor | - G. Jeffrey M. Lastimosa |
| Treasurer | - G. Wilfredo M. Mendoza |
| Secretariat –Coordinator | - Gng. Teresita S. Andal |

*SAPAGKAT,* ang MAFC ay itinatag sa magandang layuning tumulong sa mga mamamayan upang matamo ang matapat na pagsuporta at pagtitiwala ng mamamayan na siyang timbulan ng lakas at buhay ng pamahalaan;

*SAPAGKAT,* naniniwala ang Kgg. Sangguniang Bayan sa katapatan ng pamunuan ng MAFC na sinasagisag ng kanilang panunumpa sa tungkulin at ng kanilang nilagdaang Saligang Batas at Alituntuning Panloob na nagpapahiwatig ng katapatan at pakikiisa sa pamahalaang bayan;

*KUNG KAYAT, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr. na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon at Florencio C. Odejar at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN :* Na kilalanin ang pamunuan ng Municipal Agricultural and Fishery Council (MAFC) sa bayang ito.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Municipal Agricultural and Fisherman Council at Pambayang Manananggol, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan / Tagapangulo

PINAGTIBAY: KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan